



Polisiya sa Pinansiyal na Tulong ng Capital Health
Payak na Wikang Buod

Ang Financial Assistance Policy/Program (FAP) ng Capital Health ay umiiral para maglaan sa mga nararapat na pasyente, ng bahagya o may lubusang diskuwentong mga serbisyo sa pag-aalaga sa kalusugan na nilaan ng Capital Health. Ang mga pasyenteng humihingi ng Tulong Pinansiyal ay dapat mag-apply sa programa na nakabuod dito.

Mga Nararapat na Serbisyo – Mga serbisyo sa Pag-aalaga ng Kalusugan na nilaan ng Capital Health at siningil ng Capital Health. Inilalapat lang ang FAP sa mga serbisyong siningil ng Capital Health. Ang mga ibang serbisyo na hiwalay na siningil ng mga ibang tagapaglaan, tulad ng mga manggagamot o laboratoryo ay hindi nararapat sa ilalim ng FAP.

Mga Nararapat na Pasyente – Mga pasyenteng nakakatanggap ng mga nararapat na serbisyo, na nagsumite ng nakumpletong Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal (kasama ang kaugnay na dokumentasyon/impormasyon) at natukoy na nararapat sa Tulong Pinansiyal ng Capital Health.

Paano Mag-apply – Ang FAP at ang kaugnay na Form ng Aplikasyon ay maaaring makuha/makumpleto/masumite ayon sa sumusunod:

1. Makukuha sa pangunahing desk ng Pagpaparehistro ng Outpatient ng Capital Health o Cashier Office.
2. Hilingin na maipadala sa iyo gamit ang koreo ang mga dokumento, sa pamamagitan ng pagtawag sa Patient Accounts Department ng Capital Health sa 609-394-6023.
3. Hilingin ang mga dokumento sa pamamagitan ng korep/o personal na pagbisita: Sa Opisina ng Cashier ng Capital Health na nasa main lobby at ng Capital Health Regional Medical Center sa 750 Brunswick Avenue, Trenton, NJ 08638 o sa main floor sa Capital Health Medical Center – Hopewell sa One Capital Way, Pennington, NJ 08534. (Ang Polisiya ng Capital Health sa Tulong Pinansiyal ay makukuha rin kapag hiniling sa pamamagitan ng koreo o ng personal sa alinmang lokasyon.)
4. I-download ang mga dokumento mula sa website ng Capital Health: <https://www.capitalhealth.org>
5. Ipadala gamit ang koreo ang mga nakumpletong form ng aplikasyon (kasama lahat ng dokumentasyon/impormasyon na tinukoy sa mga tagubilin ng aplikasyon) sa: Patient Accounts Department ng Capital Health, 750 Brunswick Avenue, Trenton, NJ 08638; o personal na ihatid sa alinmang address na nakalista sa #3 sa itaas.

Pag-alam ng Pagiging Nararapat sa Tulong Pinansiyal – Sa pangkalahatan, ang Mga Nararapat na Tao ay nararapat sa Tulong Pinansiyal, gamit ang sliding scale, kapag ang Kita ng Pamilya nila ay nasa o mas mababa sa 200% ng Federal Poverty Guidelines (FPG) ng Pederal na Pamahalaan. Ang kahulugan ng

Pagiging Nararapat sa Tulong Pinansiyal ay ang pag-aalaga sa Mga Nararapat na Tao ay ganap o bahaging masasakop at hindi sila sisingilin ng mahigit sa “Amounts Generally Billed” (AGB) sa mga naka-insure na tao (AGB, ayon sa kahulugan sa IRC Section 501 (r) ng Internal Revenue Service). Ang mga lebel ng Tulong Pinansiyal, tanging batay sa Kita ng Pamilya at FPG, ay:

- Kita ng Pamilya sa 0 hanggang 200% ng FPG
Buong Tulong Pinansiyal; \$0 ang sisingilin sa pasyente.
- Kita ng Pamilya sa 200 hanggang 300% ng FPG
Bahagyang Tulong Pinansiyal; AGB ang pinakamalaking sisingilin sa pasyente.

Tandaan: Ang ibang pamantayan na lagpas sa FPG ay isinasaalang-alang din (iyon ay, pagkakaroon ng cash o mga ibang ari-arian na maaaring gawing cash at sobrang buwanang netong kita kaugnay ng mga buwanang gastos sa bahay), na maaaring magresulta sa mga eksepsiyon sa nauna. Kung walang naulat na Kita ng Pamilya, iaatas ang impormasyon kung paano matutugunan ang mga pang-araw-araw na pangangailangan. Nirerepaso ng Accounts Department ng Capital Health ang mga naisumiteng aplikasyon na kumpleto, at inaalang ang Pagiging Nararapat sa Tulong Pinansiyal ayon sa Polisiya sa Tulong Pinansiyal ng Capital Health. Ang mga hindi kumpletong aplikasyon ay hindi isasaalang-alang, ngunit aabisuhan ang mga apikante at bibigyan ng oportunidad na ibigay ang kulang na dokumentasyon/impormasyon.

Isinasaling-wika din ng Capital Health ang FAP, form ng aplikasyon sa FAP at ang payak na wikang buod ng FAP nito sa mga ibang wika kung saan ang pangunahing wika ng mga residente ng komunidad na sineserbisuhan ng Capital Health ay kumakatawan sa 5 porsiyento o 1,000; alinman ang mas kaunti; ng populasyon ng mga indibiduwal na malamang gumamit ng Capital Health. Ang mga naisaling-wikang bersiyon ay makukuha kapag hiniling nang personal sa address sa ibaba at sa website ng Capital Health.

Para sa tulong, ayuda o mga tanong, mangyaring tumawag sa: Patient Accounts Department sa 609-394-6023; Personal na pagbisita, pumunta sa Opisina ng Cashier ng Capital Health na nasa main lobby at ng Capital Health Regional Medical Center sa 750 Brunswick Avenue, Trenton, NJ 08638, Lunes hanggang Biyernes mula 1:30PM hanggang 4:30PM o sa main floor sa Capital Health Medical Center – Hopewell sa One Capital Way, Pennington, NJ 08534, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00AM hanggang 4:30PM.